# PAFCPIC *Balita*


2020 Vol. 1

## PRES ZABAT: TATAG AT TIWALA SA PANAHON NG PANDEMYA

## 39TH GENERAL ASSEMBLY IPINAGDIWANG

## OPERASYON NG PAFCPIC IN-ADJUST PARA SA NEW NORMAL

## LIHAM NG PASASALAMAT MULA SA CGPA




# MATATAG AT MAPAGKAKATIWALAAN

Copyright 2020, All rights reserved

PAFCPIC

# Fill Out n' WIN! 2020

**Doble panalo kapag magpa-miyembro sa PAFCPIC;**
**May savings at share capital na, may pa-raffle pa!**

## GRAND DRAW PRIZES

Two (2) winners of
Yamaha N MAX ABS



Three (3) winners of
Samsung Galaxy Phone



Three (3) winners of
Xtreme Magic Sing Diamond Smart Karaoke



Five (5) winners of
Technomarine Watch



## MINOR DRAW PRIZES

Three (3) winners of
LG 43-inch, Ultra HD, Smart TV

Thirty (30) winners of
Gift Certificate worth P2,000.00 each

**Promo runs from January 02, 2020 to November 10, 2020.**
**Grand Raffle Draw is on December 10, 2020.**
**See print ads for more details.**
*Actual brand and color may vary upon item's availability

# MGA NILALAMAN

## COLUMNS

From the President's Desk
ni President Fernando S Zabat
"Tatag at Tiwala sa Panahon ng Pandemya" 01

Executive Thoughts
ni EVP Anastacio C Cabading Jr
"Ang Tunay na Lakas"

## NEWS

General Gapay, Pinuri ang PAFCPIC sa ika-39 General Assembly 04

Ang Nagpapatuloy na Kasaysayan ng PAFCPIC

Operasyon ng PAFCPIC In-adjust Para sa New Normal

PAFCPIC Tumulong sa Army, mga Ospital, at iba pang Grupo Laban sa COVID-19

PAFCPIC Naghatid ng Tulong sa mga Biktima ng Taal

Paaralan sa QC tumanggap ng tulong mula sa PAFCPIC

## FEATURES

Ang Prinsipyo ng Alagang PAFCPIC sa Pag-Manage sa mga Kawani 10

May Epekto ba ang pandemic sa strategic vision ng PAFCPIC?

PSO-Tarlac Lumipat sa Bagong Opisina

Member in Focus: Paano Nai-angat ni TSg Arleene Mordeno ang Kanyang Pamilya sa Tulong ng PAFCPIC?

## ACTIVITY WALL

Photo Gallery 13

PAFCPIC Balita

PUBLISHER

BGEN FRANCISCO M PAREDES (RET)
CHAIRPERSON, BOARD OF DIRECTORS

BGEN FERNANDO S ZABAT (RET)
PRESIDENT

BGEN ANASTACIO C CABADING JR (RET)
EXECUTIVE VICE PRESIDENT

CREATIVE TEAM

LTGEN OSCAR P LOPEZ (RET)
ADVISER

MS ARLENE O VILLAFLOR
ADVISER

JOSEPH NATHAN V CRUZ
EDITOR-IN-CHIEF

ALYSSA MAE O RECUENCO
WRITER

IRVIN JOSHUA C EUGENIO
LAYOUT ARTIST

ALYSSA MARIE H ALKHALIFA
CONTRIBUTOR

ADCEL ERIC S CABAL
CONTRIBUTOR

LEAH D MANABAT
CONTRIBUTOR

SERVING THE AFP SINCE 1981

# FROM THE PRESIDENT'S DESK



> **"Sa gitna ng mga alalahaning ito, masaya akong bigyan kayo ng kasiguraduhan na may isang bagay na hindi natin kailangang pagtuunan ng pag-aalala: at iyan ay ang patuloy na lakas at kalusugan ng ating organisasyon."**

BGEN FERNANDO S ZABAT (RET)
PRESIDENT

# TATAG AT TIWALA SA PANAHON NG PANDEMYA

Mula sa opisina ko at kasama na rin ang lahat ng mga leaders at kawani ng PAFCPIC, isang taos-pusong pagbati sa inyong lahat na mga ka-may-ari ng ating kooperatiba!

Sa panahon ngayon na iniinda ng buong bayan ang COVID-19 pandemic at nakapasailalim ang maraming area ng bansa sa quarantine, alam namin na hindi maiiwasan ng lahat na mag-alala. Nag-aalala tayo para sa ating kinabukasan, para sa ating pamilya, at pati na rin para sa pinakamamahal nating PAFCPIC.

Pero sa gitna ng mga alalahaning ito, masaya akong bigyan kayo ng kasiguraduhan na may isang bagay na hindi natin kailangang pagtuunan ng pag-aalala: at iyan ay ang patuloy na lakas at kalusugan ng ating organisasyon.

Bago pa man kumalat ang COVID-19 ngayong 2020, maganda na talaga ang performance ng PAFCPIC. Patuloy tayong number one sa Army, at bukod doon ay unti-unting lumalaki ang membership natin sa Air Force at sa Navy. Patuloy tayong nakapagbibigay ng mataas na share capital at interest rates sa deposito ng ating mga miyembro. At patuloy na mas mataas iyang share capital at interest rates sa deposito natin kumpara sa mga financial institution sa ating industriya.

Ganyan na tayo kalakas. Kaya naman noong kumalat ang pandemya at nagsimulang ipataw ang mga quarantine, nasa posisyon tayo para mag-adjust at pangalagaan ang ating kooperatiba.

Gusto ko lang ibahagi ang mga nagawa natin kahit noong dalawang buwan na nakataas ang Enhanced Community Quarantine (ECQ) sa Metro Manila at sa iba pang bahagi ng bansa. Noong panahong iyon, patuloy tayong nakapagbigay ng interest sa deposito ng ating members. Patuloy tayong nakapagbigay ng WeCare benefits para suportahan ang beneficiaries ng mga myembro natin na pumanaw.

At bukod sa pag-aalaga sa ating kooperatiba at sa ating members, nakuha pa nating sumuporta sa iba. Sa gitna ng pandemya, nakapag-donate tayo ng ventilators sa Army General Hospital, at ng Personal Protective Equipment (PPE) sa Philippine General Hospital at sa AFP Health Service Command. Hindi rin natin nakalimutang suportahan ang community development partner nating indigenous people's cooperative sa Bukidnon. At naituloy nating piliin at suportahan ang 83 na bagong-pasok na PAFCPIC scholars.

Wala ring maireklamo sa atin ang ating mga partner banks at ang ating mga suppliers. Kahit sa gitna ng pandemya, hindi tayo kinulang sa pagbabayad ng ating mga pinansyal na obligasyon nang kahit isang sentimo.

Alalahanin natin na iyon ang panahon na nakataas ang ECQ sa Metro Manila, sarado ang mga satellite offices natin sa buong bansa, at suspendido ang loan deductions bilang tulong sa ating members at pagsunod sa direktiba ng pamahalaan. Pero sa kabila ng lahat ng iyan, nagawa pa rin natin ang mga accomplishments na nabanggit ko.

Paano po natin nagawa iyon? Simple lang ang sagot. Kasi matatag at mapagkakatiwalaan ang PAFCPIC. Iyan ang pinili nating tema para sa taong 2020 noong nag-General Assembly tayo. "PAFCPIC: Matatag at Mapagkakatiwalaan." At pinanindigan natin iyan kahit sa panahon ng pambansang krisis, at patuloy nating iyang paninindigan.

Kahit noong panahon ng pandemya, hindi tumigil ang mga leaders at ang maraming kawani sa pagtatrabaho. Sarado man ang opisina, patuloy kami sa pagmi-meeting at pagmo-monitor ng sitwasyon. Kasi sa ating lahat na ka-may-ari ng PAFCPIC, meron tayong tinatawag na core values: iyan ay good governance, service excellence at social responsibility. At hindi kung anong virus lang ang makapipigil sa atin sa pagpupursigi sa mga core values na ito. May pandemya man o wala, tuloy lang ang pagsulong ng PAFCPIC.

Ngayong bukas na ang PAFCPIC at mga satellite offices, patuloy ang mga matatalino at magagaling na leaders at kawani natin sa pagpa-plano at pagsasakatuparan ng mga strategies para sa pag-adjust natin sa "new normal" na sitwasyon na dala ng pandemya. Patuloy nating pinagbubuti ang mga proseso ng kooperatiba para masiguro ang full transparency sa ating operasyon. Patuloy ang pagtulong natin sa ating members, community development partners, at scholars. Patuloy ang mataas na confidence at pagtitiwala sa atin ng mga partner nating bangko at suppliers dahil nababayaran natin sa tamang panahon ang ating mga obligasyon. Bukod dito, may mga plano nang binubuo para palakasin ang online service at work-from-home capabilities ng PAFCPIC, bilang pag-aadjust sa "new normal."

Kaya sa panahong ito, sa gitna ng mga alalahanin na dala ng pandemya, mabuhay tayo nang may pag-asa at tiwala. Salamat sa patuloy ninyong pagsuporta sa PAFCPIC.

# EXECUTIVE THOUGHTS



> “Ang tunay na lakas at tibay ng isang organisasyon ay naipapakita at napapatunayan hindi sa panahon ng tagumpay at kasiyahan kundi sa mga oras ng hamon at pagsubok.”

BGEN ANASTACIO C CABADING JR (RET)
EXECUTIVE VICE PRESIDENT

## ANG TUNAY NA LAKAS

Tulad ng maraming organisasyon, hindi maitatangging nakaranas ng maraming hamon ang PAFCPIC dahil sa pandemya. Noong Marso nang ipinatupad ang enhanced community quarantine (ECQ) at lockdown sa iba't ibang parte ng bansa, lahat ng satellite offices, liaison offices, at kahit ang Main Office ay nagsara. Kasabay nito ang pagpapatupad ng Bayanihan Heal as One Act o RA 11469 na nagtakda ng pansamantalang pagtigil sa paniningil ng loan deductions noong panahon ng ECQ.

Hinarap ng ating mga empleyado ang lahat ng ito, at sa kabila ng lahat ay patuloy nating naging prayoridad kung paano mapapanatili ang pagbibigay ng de-kalidad na serbisyo sa ating mga miyembro. Sa pagsagot sa mga hamon ng pandemya lalong namayani ang ating pagka-Pilipino sa espiritu ng bayanihan, at lalong umusbong at lumakas ang diwang PAFCPIC na matatag at mapagkakatiwalaan.

Kaya naman hindi nagkulang ang Management ng PAFCPIC sa pakikipagtulungan at pagsunod sa mga protocols ng National Government at mga local government units, mula sa pagkakaroon ng mga digital thermometer sa entrances at pagpapakalat ng mga infographics at hand sanitizers sa lahat ng sulok ng aming mga gusali hanggang pag-require sa bawat miyembro at empleyado na magsuot ng face masks at sumunod sa social distancing.

Hindi rin nakakalimot na umagapay ang PAFCPIC sa ating mga kasundaluhan at sa komunidad. Ang mga ganitong panahon ay nagpapatunay kung gaano pinapahalagahan ng PAFCPIC ang mga miyembro, ang frontliners at ang atin mismong bansa.

Ika nga, ang tunay na lakas at tibay ng isang organisasyon ay naipapakita at napapatunayan hindi sa panahon ng tagumpay at kasiyahan kundi sa mga oras ng hamon at pagsubok.

Sa loob ng 39 years ng pagsisilbi ng PAFCPIC, ito ang unang beses na humarap tayo sa ganitong klaseng hamon. Pero anuman ang kaharapin nating mga pagbabago, hindi magbabago ang ating pagbibigay ng de-kalidad na serbisyo sa ating mga ka-may-ari.

# GENERAL GAPAY, PINURI ANG PAFCPIC SA IKA-39 GENERAL ASSEMBLY

Pinuri ng Commanding General ng Philippine Army na si Lt Gen Gilbert I Gapay AFP ang PAFCPIC nang dumalo siya bilang guest of honor at speaker sa ika-39 General Assembly ng Kooperatiba noong ika-29 ng Pebrero, 2020. Kasabay na ipinagdiwang ang anibersaryo ng Kooperatiba na may temang "PAFCPIC: Matatag at Mapagkakatiwalaan," na ginanap sa Philippine Army Grandstand, Fort Bonifacio, Taguig City.

Sa kanyang talumpati, pinasalamatan ni General Gapay ang PAFCPIC sa patuloy nitong pagbibigay ng mga pinansyal na serbisyo.

"Sa mga nagdaang taon," sabi ni General Gapay, "naging totoo kayo sa inyong layunin na iangat ang buhay ng mga sundalo, retirees at ng kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng inyong de-kalidad na serbisyo."

Dagdag pa niya: "Kaya ang Army ay nagpapasalamat na mayroon tayong PAFCPIC na laging katuwang at kabalikat natin sa pangangalaga ng kapakanan ng ating kasundaluhan at ng kanilang mga pamilya. Sa inyong mga programang pang-edukasyon, pangkabuhayan, pangkalusugan, at pagtulong sa panahon ng pangangailangan—diyan nadarama ang pagmamalasakit ng PAFCPIC sa ating mga kasundaluhan."

Pinuri din niya ang PAFCPIC sa mga adbokasiya nito na sumusuporta sa komunidad sa isyu ng karapatang panlipunan at kalayaang pinansyal.

Matapos ang programa ng General Assembly ay ginanap ang halalan para sa mga bagong miyembro ng Board of Directors. Naipasok ang 30,244 na boto sa electronic voting system.



LTGEN GILBERT I GAPAY AFP
COMMANDING GENERAL PHILIPPINE ARMY



MAJ DARAH C REGIS
CHAIRPERSON, ELECTION COMMITTEE

Inanunsyo ni Major Darah C Regis, Chairperson ng Election Committee, ang mga nahalal na kandidato: Francisco M Paredes, Rolando P Soriano, Seigfred C Tubalado, Alexander C Costales, Felimon P Masa Jr, Aideline T Tarranza, Regidor M Dela Cruz at Reynaldo Joel M Valles. Nahalal din si Gerardo L Jose para sa Audit and Supervisory Committee, at sina Annie Claire J Solis, Lydia V Perez at Alfonso P Ibarra para sa Election Committee.

Sa isang hiwalay na pagtitipon matapos ang General Assembly, inihalal na bagong Board Chairperson si Bgen Francisco M Paredes (Ret).

# ANG NAGPAPATULOY NA KASAYSAYAN NG PAFCPIC



ISA SA MGA GUSALING NAIPUNDAR NG PAFCPIC SA 39 TAON NITONG KASAYSAYAN

Nagsimula noong 1980 na may labinlimang (15) incorporators at maliit na puhunang PhP 7,500, ang PAFCPIC noon ay isang kooperatiba na naka-focus sa farming at fishery. Daing ang isa sa mga popular nitong produkto. Gayunpaman, ang maliit na simula ng PAFCPIC ay naglalaman na noon pa man ng matayog na pangarap: ang matulungan ang mga miyembro na madagdagan ang maliit na kita at mapalaya ang sundalong Pilipino sa pagkakalugmok sa utang at kahirapan.

Sa simula, para lang sa mga tao ng Philippine Army Finance Center ang membership sa kooperatiba. Pero noong 1989, binigyang awtoridad ang PAFCPIC ni Philippine Army Commanding General MGen Mariano P Adalem para buksan ang membership ng kooperatiba sa lahat ng division levels ng Army. Dahil doon, mabilis na lumaki ang kooperatiba at nadagdagan ang kapital nito.

Pinursigi ng PAFCPIC ang misyon nito na mapabuti ang kalagayan sa buhay ng mga miyembro at ng kanilang mga pamilya at komunidad. Sa paglipat mula sa farming at fishery tungo sa industriya ng financial services (i.e. savings at pautang), maraming naabot na achievement ang PAFCPIC noong dekada ’90. Binuksan nito ang kauna-unahang satellite office sa Tarlac noong 1992, naabot ang asset na PhP 100-million noong 1994, at nasimulan ang scholarship program noong 1997. Naganap din ang inauguration para sa unang building na pagma-may-ari ng PAFCPIC noong 1998 sa Fort Magsaysay. Noong 1999, lubos nang nakilala ang PAFCPIC sa industriya dahil sa kanyang quality service, kaya naman natanggap nito ang unang first-place award sa Gawad sa Pinakatanging Kooperatiba (Gawad PITAK) mula sa Land Bank of the Philippines.

Sa pagpasok ng ika-21 siglo, mas marami pang mga achievement na naabot ang PAFCPIC. Naabot nito ang PhP 1-billion na asset at itinayo ang bagong Main Office sa Taguig City noong 2002. Patuloy nitong pinagbuti ang kanyang mga serbisyo upang maabot ang world-class standards, kaya naman nai-award sa PAFCPIC ang certification para sa ISO: 9001: 2008 noong 2014.

Sa kasalukuyan, ang PAFCPIC ay isang kooperatibang kilala dahil sa dami ng nga award na natanggap mula sa industriya ng financial services, dahil sa 25 nitong satellite offices na nakakalat sa buong bansa, at dahil sa assets nito na lumago na sa lagpas PhP 27 billion noong 2019. Sa mga nakaraang taon, hindi bumababa sa 20% ang returns sa share capital ng PAFCPIC.

Pero para sa PAFCPIC, hindi lang ang financial performance ang mahalaga. Hindi nalilimutan ng PAFCPIC ang kanyang pinanggalingan at ang kanyang tunay na misyon. Sa kagustuhang makatulong sa mas marami pang tao sa AFP, binuksan na ng PAFCPIC ang membership nito sa Air Force at sa Navy. Mas lalo pa nitong pinalakas ang scholarship program na ngayon ay mayroon nang espesyal na probisyon para sa mga indigenous people, gaya na lang ng mga kabataan mula sa tribong Higaonon sa Cagayan de Oro. At patuloy na nakikipagtulungan ang PAFCPIC sa pamahalaan para sa mga programang katulad ng job fair. Sa 39 taon, nananatiling malakas ang PAFCPIC sa pag-aalaga sa mga miyembro at sa pambansang komunidad. Dahil sa ganito kilala ang Kooperatiba:

**PAFCPIC: MATATAG AT MAPAGKAKATIWALAAN**



LTGEN OSCAR P LOPEZ (RET)
VICE PRESIDENT FOR OPERATIONS

# OPERASYON NG PAFCPIC, IN-ADJUST PARA SA "NEW NORMAL"

In-adjust para sa "new normal" ang operasyon ng PAFCPIC simula nang magbukas ito matapos ang pansamantalang pagsasara habang nakataas nang mahigit dalawang buwan ang Enhanced Community Quarantine (ECQ) sa Luzon at sa maraming lugar sa bansa.

Ang ECQ ng Pilipinas na nagsimula sa dulo ng Marso hanggang Mayo ng taong ito ay nagtagal nang 76 na araw at isa sa mga pinakamahahabang lockdown sa buong mundo bilang tugon sa kumakalat na novel coronavirus.

Binuksan ang operasyon ng maraming mga negosyo at tanggapan sa buong bansa noong Hunyo 1. Sa kabila noon, nanawagan ang pamahalaan na kailangang baguhin ang pagpapatakbo ng mga opisina bilang pag-aadjust sa 'new normal.'

"Maayos naman ang naging adjustment natin dito sa PAFCPIC," paliwanag ni LtGen Oscar P Lopez (Ret), Vice President for Operations. "Nagawa nating sundin ang mga rekomendasyon ng Department of Health. Nagtakda tayo ng protocols para sa pagpasok at paglabas sa mga opisina at gusali ng PAFCPIC. May mga pagbabago tayong ginawa sa configuration ng ating mga pasilidad. At nagse-setup na rin tayo ng infrastructure para makapag-offer tayo ng online transactions. Unti-unti, mababawasan natin ang pangangailangan para sa face-to face interactions para magsilbi sa ating members."

Maaalalang nagsara ang operasyon ng PAFCPIC habang nakataas ang ECQ. Inamin ni LtGen Lopez may epekto sa simula ang pandemya sa operational efficiency ng Kooperatiba.

"May mga planong nakansela noon, katulad ng recruitment drives at POSE activities," paliwanag niya. "Limitado ang workforce natin noong ECQ dahil kinailangan nating sumunod sa mga health standards at recommendations para labanan ang pagkalat ng virus. Pero noong tanggalin ang ECQ sa ibang lugar sa Pilipinas at nakapagbukas tayo ng ilang satellite offices, nagawa nating suportahan ang mga operasyon natin doon. Sa Main Office, nagpatuloy noon ang work-from-home para sa marami sa ating mga empleyado, habang may mga essential workers na naging live-in residents sa Main Office para bumuo sa ating skeleton workforce."

Sa kasalukuyan, patuloy na kinakalaban ng daigdig ang pagkalat ng COVID-19. Habang tumutulong sa labang ito ang mga satellite offices ng PAFCPIC sa pamamagitan ng social distancing at iba pang health protocols, hindi naman sila tumitigil sa pagbibigay ng de-kalidad na serbisyo sa mga members.

Malakas ang performance ng PAFCPIC noong nakaraang taon, at patuloy na positibo ang outlook nito sa taong 2020.

Ang panawagan ni LtGen Lopez: "Ituloy lang natin ang tiwala at confidence natin sa PAFCPIC. Nakahanda tayong tugunan ang mga pangagailangan ng ating members kahit sa panahon ng pandemic."

# PAFCPIC TUMULONG SA ARMY, MGA OSPITAL AT IBA PANG GRUPO LABAN SA COVID-19

Nakipagtulungan ang PAFCPIC sa iba't ibang grupo sa kasagsagan ng pandemic upang sumuporta sa paglaban sa COVID-19. Pinaninindigan ang 2020 slogan niyang "PAFCPIC: Matatag at Mapagkakatiwalaan," pinatunayan ng Kooperatiba na ito ay maasahan, at ipinakita ang tatag ng kanyang commitment sa 7 Cooperative Principles, kung saan isa doon ang prinsipyong "pagkalinga sa komunidad."

Pangunahin sa mga sinuportahan ng PAFCPIC ang Philippine Army. Nag-donate ang PAFCPIC ng P550,000 para tulungan ang  Army sa pagbili ng ventilators. Bukod doon ay nag-donate din ng karagdagang P200,000 ang PAFCPIC sa AFP Health Service Command.

Personal na sumulat ang Commanding General ng Philpine Army na si Lt Gen Gilbert I Gapay para ipaabot ang pasasalamat niya sa PAFCPIC.

Ayon kay Ms Maria Teresa Z Garnace, Vice President for Membership Education and Community Services, maaga at naunang tumulong ang PAFCPIC sa Army sa pagbili ng ventilators. Gagamitin ang ventilators na ito bilang kritikal na portable devices para sa mga sitwasyong emergency o mga sitwasyong nangangailangang ibiyahe ang pasyente. Nakipagtulungan din ang PAFCPIC sa Philippine General Hospital, kung saan nag-donate ang Kooperatiba ng Personal Protective Equipment (PPE) at natulungang suportahan ang kaligtasan ng mahigit 3,000 na mga frontline health workers.

"Ginagawa natin ito, hindi lang bilang isang Kooperatiba, kundi bilang Pilipino," paliwanag ni Ms Garnace. "Ang kasaysayan ng PAFCPIC ang ating patotoo. Konti lang ang naniwala na magtatagal tayo ng 30 years. Pero narito tayo ngayon. Maraming umaasa sa atin, at tungkulin natin na magbalik ng biyayang ipinagkatiwala sa atin."

Kaya naman patuloy din ang pagsuporta ng PAFCPIC sa mga nangangailangan at naapektuhan ng pandemic. Tumulong ang PAFCPIC sa mga katutubong Talakag sa Bukidnon sa pamamagitan ng donasyong P50,000  sa dalawang lokal na katutubong kooperatiba: ang Igpanuyadog sa Abaga Ta Bayug Agriculture Coop at ang Kitanglad-Kalatungan Producers Coop.

Nakipag-ugnayan din ang PAFCPIC sa Army para magbigay-tulong sa mga Locally Stranded Individuals (LSIs)—mga OFWs, estudyante at iba pang mga hindi taga-Metro



MS MARIA TERESA Z GARNACE
VICE PRESIDENT FOR MEMBERSHIP EDUCATION AND COMMUNITY SERVICES

Manila na inabutan ng deklarasyon ng quarantine sa Luzon. Marami sa kanila ay stranded sa Manila nang mahigit apat na buwan na. Sa pakikipagtulungan kay Maj. Arvin A. Llenaresas, bumisita ang PAFCPIC sa mga LSIs at nakapamigay ng 1,000 packed sets ng pagkain at tubig.

"Dalawang buwan na hindi tayo nakapangolekta ng loan deductions dahil sa enhanced community quarantine, pero tuloy pa rin ang pagtulong natin," ani Ms. Garnace. "Bilang Kooperatiba, ang pagtulong sa ating kapuwa ay bahagi na ng kung sino tayo. Hindi tayo pwedeng magpikit-mata sa ganitong panahon."

Nang tanungin kung may iba pang balak gawin ang PAFCPIC laban sa pandemic, sumagot si Ms Garnace: "Nananatiling matatag at mapagkakatiwalaan ang PAFCPIC, kaya gusto kong i-reassure ang ating members na marami pa tayong projects na nakapila. Kahit ano pang hadlang ang dumating, hindi titigil ang PAFCPIC sa pagtulong sa komunidad."

**COMMANDING GENERAL**
**PHILIPPINE ARMY**
**Fort Andres Bonifacio, Metro Manila**



**BRIGADIER GENERAL FERNANDO S ZABAT AFP (RET)**
President, PAFCPIC
Col Efren R Zaide Bldg. Bayani Road
Taguig City

Dear **General Zabat:**

On behalf of the Philippine Army and our constituents, I am expressing profound gratitude to the Philippine Army Finance Center Producers Integrated Cooperative. Your donations are greatly providing vital to arrest, and mitigate the effect of COVID-19 pandemic.

Our soldiers and the people we serve have much to be thankful to you in committing to a war against this virus, which does not only threaten our way of life but that of humankind. Your support at this time has also become critical as we not only now strive to defeat the pandemic but we also aim to ease its impact upon our communities.

Again, thank you for your concern. I am greatly honored with you partnering with the Philippine Army.

My best regards.

Very truly yours,

**GILBERT I GAPAY**
Liuetenant General AFP

---

We, the UP-PGH Bayanihan Na! COVID-19 Operations Centre, would like to extend our sincerest gratitude to the PAFCPIC for their generosity in the form of donation for Personal Protective Equipment to the Philippine General Hospital in the middle of this COVID-19 pandemic. However due to data privacy, we cannot send to your organization the list of the recipients. The donations have helped 1,452 male health care workers and 1,535 female health workers who work in the COVID areas of the hospital.

We would like to acknowledge your organization's full support to our beloved national university research and training hospital, UP-PGH. We thank you for your kindness and donations to the Healthcare Workers and Support Staff of the Philippine General Hospital. Our frontliners greatly appreciate your continued community efforts on working together on our fight against the COVID-19 pandemic.

Thank you very much!

Bayanihan na!

Sincerely,

**ANTHONY R PEREZ, MD, MHA, FPCS, FACS, FPSGS, FPALES**
**CHAIR**
**Donations Arm**
**UP-PGH Bayanihan Na! COVID-19 Operations Center**
**Alvior Hall, UP College of Medicine**
**547, Pedro Gil Street, Ermita, Manila 1000**

**July 2, 2020**



ILAN SA MGA EMPLEYADO NG PAFCPIC NA NAGHATID NG TULONG SA MGA BIKTIMA NG TAAL

## PAFCPIC NAGHATID NG TULONG SA MGA BIKTIMA NG TAAL

Alfonso, Cavite – Nagsagawa ng donation activity ang PAFCPIC sa Alfonso, Cavite upang magpaabot ng tulong sa mga naapektuhan ng pagsabog ng Bulkang Taal. Ginanap ang donasyon noong Martes, Enero 21, 2020 sa Alfonso Central School.

Bilang isang kooperatiba, binibigyang diin ng PAFCPIC ang pagtulong sa kapwa lalong lalo na sa ikabubuti ng komunidad.

Tatlong daan at limampu na relief packs ang ipinamahagi ng PAFCPIC na naglalaman ng 1 sleeping mat, iba’t ibang de lata, tubig at mga biskwit.

Sa kabila ng kinaharap na hamon, puno ng pag-asa ang mga evacuees. Maririnig ang mga katagang “Bangon Batangas” habang ipinamimigay ng PAFCPIC ang relief goods.

“Sobrang nagpapasalamat po kami sa tulong ninyo dahil kung wala ang mga ganito, wala kaming gamit dahil noong panahon na pinalikas ay wala talaga kaming nadala,” ani Alice Roxas, 44 taong gulang mula sa Laurel, Batangas.



TURN-OVER NG DONASYON SA PANGUNGUNA NI PAFCPIC EVP BGEN CABADING (RET) KAY CHIEF CHAPLAIN BGEN DOLINA

Sa pangunguna ni Ms Alma C Ochoco, PAFCPIC Community Development Manager, kasama ang ilang empleyado ng PAFCPIC at mga kasundaluhan mula sa Civil Military Operations Regiment Philippine Army na pinangunahan ni CPT Mark Vincent Ching, naging matagumpay ang donation activity.

Tiniyak ng PAFCPIC ang mga evacuees pati na rin ang DSWD na bukas ang PAFCPIC upang magpaabot ng tulong sa mga apektadong komunidad.

## PAARALAN SA QC TUMANGGAP NG TULONG MULA SA PAFCPIC

Camp Aguinaldo, Quezon City – Noong Disyembre 06, 2019, nagsagawa ng isa pang kawanggawa ang PAFCPIC sa pamamagitan ng pagbibigay ng upuan at mesa sa St Ignatius School sa Camp General Emilio Aguinaldo, Quezon City.

Ang naganap na turn-over ceremony ay dinaluhan ng Executive Vice President ng PAFCPIC BGen Anastacio C Cabading Jr (Ret) “Pinapahalagahan ng PAFCPIC ang ikapitong prinsipyo ng kooperatibismo, ito ay ang pag bibigay halaga sa komunidad” sabi ni Gen Cabading, “Kami sa PAFCPIC, naniniwala kami na ang maliit na tulong na ito ay makakatulong sa pag-unlad ng mga estudyante ng St Ignatius School. Nawa’y mas mapaigting ang inyong mga potensyal at karunungan.”

Mainit na sinalubong ng St Ignatius School ang PAFCPIC sa pangunguna ni Chief Chaplain BGen Tirso Dolina kasama ang mga miyembro ng Parent Teacher Association.

Buong pusong nagpasalamat naman si Monsignor Dolina sa kabutihan ng PAFCPIC, ipinaabot niya ng mas makakatulong ang mga kidney chairs upang magkaroon ng interactive environment para sa mga estudyante.



**MS MIRAFLOR A CABALAN**
VICE PRESIDENT FOR HUMAN RESOURCES



**MR MARIANO L MANAHAN JR**
VICE PRESIDENT FOR PROPERTY MANAGEMENT AND LOGISTICS

# ANG PRINSIPYO NG ALAGANG PAFCPIC SA PAG-MANAGE NG MGA KAWANI

Sa isang organisayon, ang Human Resources Division ang tagapagtaguyod ng kaligtasan at kapakanan ng mga kawani. Malaki ang ginagampanan nilang tungkulin kapag may krisis. Dahil sa pambansang pangkalusugang krisis na dala ng kumakalat na COVID-19, maraming hinaharap na hamon ang mga kawani ng PAFCPIC. Kung paanong inaalagaan ng mga kawani ng PAFCPIC ang mga miyembro ng kooperatiba sa pamamagitan ng de-kalidad na serbisyo, ganoon din ang pag-aalaga ng Human Resources Division sa mga kawani ng PAFCPIC.

"Mula noon pa, kung paanong pangunahing priority ng Management na itaguyod ang kapakanan ng mga members natin, ganoon din katatag ang commitment namin na pangalagaan ang kaligtasan ng ating mga kawani," ayon kay Ms Miraflor A Cabalan, ang Vice President for Human Resources ng PAFCPIC. Dagdag pa niya: "Ang pagtataguyod sa kapakanan ng ating mga empleyado ay malaking factor sa kakayanan natin na patuloy na makapagbigay ng de-kalidad na serbisyo kahit sa panahon ng pambansang krisis."

Malaking hamon sa panahon ng pambansang pangkalusugang krisis na panatilihing maayos ang operasyon ng Kooperatiba. Bilang tugon sa krisis, bumuo ang PAFCPIC ng Risk Managent Plan for COVID-19 para maisakatuparan ang mga epektibong hakbang laban sa pandemya. Ayon kay Ms Cabalan, lagi nilang pinagbubuti pa ang planong tinatawag nilang "Kontra COVID-19." Layunin ng planong ito na seguruhing epektibo ang pagtukoy, pagsuri, at pagresolba ng PAFCPIC sa mga dalang hamon ng krisis na COVID-19.

Sa implementasyon ng Kontra COVID-19, todo naman ang suporta ni Vice President for Property Management and Logistics Division na si Mr Mariano L Manahan Jr. Hindi naiwasang magkaroon ng delay dahil paralisado ang transportasyon noon at maging ang marami sa mga suppliers.

"Nagawan pa rin natin ng paraan na mapaabot ang pangangailangan ng bawat satellite offices natin na nakakalat sa buong bansa," ayon kay Mr Manahan. "Maraming ipinatupad na protocols ang Department of Health at local government units sa pagbubukas ng mga establisimyento—pagsuot ng PPEs, pagkakaroon ng temperature check sa bawat entrance ng building, at pagsunod sa social distancing. Ang mga ito ay nagawang masunod at patuloy na pinapatupad ng PAFCPIC."

Dagdag pa ni Mr Manahan: "Limitado ang manpower; pero syempre, nagdo-double-time tayo. Marami tayong efforts na ginagawa before and after office hours. Lagi tayong nagdi-disinfect upang maiwasan ang pagkalat ng virus. Palagi rin nagkakaroon ng briefing para sa ating mga frontliners na security guards para sila ay ma-update sa mga protocols."

Kabilang sa mga prayoridad ng PAFCPIC, ay ang pagbalanse sa kaligtasan ng mga kawani at sa patuloy nilang pagiging produktibo. Isa sa mga isinakatuparan sa PAFCPIC ay ang Half-in, Half-out (HIHO) na sistema sa trabaho. Sa ilalim nang HIHO, kalahati ng mga empleyado ay nasa opisina habang ang kalahati ay nagtatrabaho sa bahay; magsasalitan sila bawat linggo. Sa ganitong paraan, mapapaliit at mapapadaling i-manage ang panganib ng pagkalat ng coronavirus.

Ang mga pagbabago na dala ng pandemya para sa mga empleyado ay kinailangang ibalanse sa kapakanan ng mga members. Sa ganitong panahon, kailangan ang kakayanan sa mabilisang pagtugon sa anumang bagong isyu na dala ng krisis. Gayong hindi perpekto ang transisyon sa mga bagong work practices, hinihikayat ni Ms Cabalan ang mga empleyado at mga members na maging panatag ang kalooban.

"Pangunahin sa prayoridad namin na itaguyod ang kaligtasan ng ating mga empleyado at mga members," ayon kay Ms Cabalan. "Inaalagaan natin ang ating mga mga empleyado para patuloy naman nilang maalagaan ang ating mga ka-may-ari. Hindi tumitigil ang PAFCPIC sa paghahanap ng mga bagong paraan para seguruhing maayos, madali at mabilis ang mga transaksyon natin kahit sa gitna ng pandemya."

## MAY EPEKTO BA ANG PANDEMIC SA STRATEGIC VISION NG PAFCPIC?



LTGEN AURELIO B BALADAD (RET)
VICE PRESIDENT FOR COOPERATIVE PLANNING

Ang maikling sagot: wala.

Nitong 2019, plinantsa ng mga executives, managers at supervisors ng PAFCPIC ang 5-year strategic plan ng organisasyon. Kritikal kasi ang strategic planning para maabot ang mga target ng isang organisasyon. Sa strategic planning natutukoy kung ano ang mga dapat gawin, kailan gagawin at paano gagawin. Kaya naman kapag may malaking disruption na nagaganap katulad ng COVID-19 pandemic, hindi maiiwasang nerbyusin ang ilang tao at magtanong: kaya pa rin ba nating isakatuparan ang plano sa kabila ng COVID-19 pandemic?

"Siyempre hindi na-predict ng strategic planning namin ang pandemic," sabi ni LtGen Aurelio B Baladad, Vice President for Cooperative Planning. "Imposibleng mahulaan natin noong nakaraang taon na may darating na pandemic na magdudulot ng complete transaction shutdown."

"Noong iutos ng gobyerno ang suspensyon ng loan deductions sa panahon ng enhanced community quarantine (ECQ), buong-puso tayong sumunod dahil mahal natin ang members natin. Sa kabila ng financial setback na iyon, malaki pa rin ang kumpiyansa ko sa PAFCPIC. Sa halip na ikatakot natin ang epekto ng ECQ, mas lalo pa ngang dapat maging mas malakas ang kumpiyansa natin sa tatag ng Kooperatiba kasi nagawa nating indahin ang dalawang buwan ng suspensyon ng loan deductions." Hindi ibig sabihin nito na walang epekto sa PAFCPIC ang pandemic. Pero ang maganda sa pagpaplano ay pwedeng i-update ang plano. Dahil sa pandemic, mas lalo pa ngang na-fast-track ang ilang plano ng PAFCPIC upang lalong mapaganda ang serbisyo.

"Oo, nasa gitna tayo ng pandemic," ayon kay LtGen Baladad. "Pero tuloy lang ang pagsasakatuparan sa mga plano. Tuloy ang serbisyo. Tuloy ang pagtulong sa Armed Forces at sa komunidad."

## PSO-TARLAC LUMIPAT SA BAGONG OPISINA


Kasama ang kinatawan ng PAFCPIC Board of Directors at ilan sa PAFCPIC Management, pinasinayaan ang bagong opisina ng PSO-Tarlac noong ika-10 ng Hulyo 2020. Mula sa dating opisinang matatagpuan sa Col. Cal-Ortiz Bldg., Brgy Capehan, Tarlac, matatagpuan na ngayon ang bagong opisina ng PSO-Tarlac sa Unit 107 and 108 MC Square, Mac Arthur Highway, Brgy Maligaya, Tarlac City.

Ito ay isa sa mga proyekto ng PAFCPIC upang lalong mapalapit sa mga miyembro na nakadestino sa Tarlac. Bukod sa konsiderasyon ng espasyo, mas accessible sa highway ang bagong opisina kaya mas madaling mahanap at mapuntahan ng mga kasundaluhan.

Ayon kay Col Noel E Buncab, kinatawan ng AFP Northern Luzon Command sa inauguration program, magandang mas pinalapit ang PAFCPIC dahil ito talaga ang tinatakbuhan ng mga kasundaluhan.

"Hindi na mahihirapang hanapin ng mga sundalo ang bago niyong opisina dahil walking distance lang ito sa kampo," obserbasyon ni Col Buncab.

Kaya ngayon, mas pinalapit na serbisyo ang hatid ng PAFCPIC sa mga miyembro sa Tarlac. Sa paglapit ng bagong opisina ay umaasa ang PAFCPIC na mas marami pa itong mga miyembro na matutulungan.



RIBBON CUTTING SA PANGUNGUNA NI COL BUNCAB AT PAFCPIC BOD COL DELA CRUZ (RET)




BAGONG BUKAS NA OPISINA NG PSO-TARLAC

# PAANO NAI-ANGAT NI TSG ARLEENE MORDENO ANG KANYANG PAMILYA SA TULONG NG PAFCPIC?















Mula noong itinatag ang PAFCPIC, layunin na nating tumulong sa mga kasundaluhan, sa kanilang mga pamilya at sa komunidad. Sa halos apatnapung taon na pagtangkilik ng mga ka-may-ari, nasaksihan natin ang maraming pamilya na umangat ang buhay at nagkaroon ng negosyo ng dahil sa PAFCPIC.

Isa na rito si TSg Arleene Arat Mordeno ng 4CMOBn, 4ID, PA. Siya ay mag-isang tumataguyod sa kanyang apat na anak. Mahirap man balansehin ang oras para sa pamilya, paglilingkod sa bayan at paghahanap ng dagdag kita, nalagpasan niya ang mga hamon ng buhay dahil sa sipag, tiyaga at tamang diskarte sa buhay.

Pitong taon na nang magsimula siyang magpundar ng 3 hectares na rubber plantation. Apat na taon matapos iyon, bumili siya ng 10 hectares na falkata plantation. Sumunod naman doon ang pagkakaroon ng negosyong itikan. Lahat ng ipinundar niya sa mga negosyong ito ay galing sa mga loans niya sa PAFCPIC.

“Noon, nagloloan ako para sa kapital ko,” kwento ni Tsg Mordeno. “Ngayon, lahat ng negosyo ko ay productive na. Sa rubber plantation, kumikita ako ng P15,000; sa itikan naman ay umaabot ng P15,000-20,000. Sa falkata plantation naman ay milyon ang inaasahan naming kita sa mga darating na taon.”

Malaki ang pasasalamat niya sa PAFCPIC sa aspektong pinansyal: “Sobrang laking tulong ng PAFCPIC—kung paano nila tratuhin ang kanilang miyembro, mararamdaman mong pamilya mo sila. Malaki ang pasasalamat ko sa personnel ng PAFCPIC Satellite Office (PSO) sa Butuan, lalong lalo na kay Ma’am Grace Lancheta sa pag alalay nila. Masaya ako sa makataong loan interest ng PAFCPIC kumpara sa ibang financial institution.”

Tulad ng marami sa atin, marami rin siyang kinaharap na mga hamon bago niya makamit ang kanyang tinatamasang tagumpay. Kaya naman, may bilin si TSg Mordeno sa ating mga ka-may-ari.

“Hindi hadlang ang estado mo sa buhay para umasenso. Kailangan lang natin maging matalino sa paghawak ng pera. Laging nariyan ang PAFCPIC: bukas-palad upang tayo ay maalalayan at magabayan sa financial needs natin.”

# ACTIVITY WALL




TURN-OVER NG INNOVA SA 11ID NA NAPILING CASHUERTE BENEFICIARY SA TAONG 2019




PANALOAN 2019 GRAND PRIZE WINNER MITSUBISHI XPANDER



PAGKILALA SA PAFCPIC NG AIR FORCE FINANCE CENTER



PAGBISITA SA AETA COMMUNITY SA ZAMBALES



PASASALAMAT NG PAFCPIC SA STRATEGIC PLANNING CONSULTANT



CASHUERTE 2019




HEROES RUN NOVEMBER 24, 2019



PAFCPIC EMPLOYEES KASAMA ANG KASUNDALUHAN
NA TUMULONG SA TAAL DONATION DRIVE



BOTOHAN SA
GENERAL ASSEMBLY



PAG BUNOT NG MANANALO SA
CASHUERTE RAFFLE 2019




GENERAL ASSEMBLY
NOONG FEBRUARY 2020



PAGBISITA SA AETA COMMUNITY
SA BATAAN



TURN-OVER NG UPUAN SA MGA
ESTUDYANTE NG ST IGNATIUS SCHOOL



BLESSING SA BAGONG
OPISINA NG TARLAC

# We Care PROGRAM

**We Care Program is an affordable life insurance plan that gives you fast access to benefits.**

## ENROLL YOURSELF INTO THE ENHANCED WE CARE PROGRAM NOW!

### FEEL SECURE

Secure yourself and your loved ones! Get access to life planning worth 100,000 for as low as PHP 50.00 per month. With the new feature, you can now enjoy the regular payment until 60 years old!

### BE AT EASE

We Care Program is a micro insurance program with the purpose of providing decent wake and burial to members and help defray accompanying expenses on the part of the bereaved family.

BECAUSE WE CARE, WE HAVE IMPROVED THE PROGRAM AND ADDED EVEN MORE BENEFITS.

### TERMINAL ILLNESS LIVING BENEFIT (TILB)

Fifty percent of cash benefit can be advanced for hospitalization if the insured member is diagnosed with a terminal illness with 12 months or less life expectancy.

### ACCIDENTAL DEATH AND DISMEMBERMENT (ADD) BENEFIT

Get additional support in case of accident-related incidents. ADD shall cover the following acts of God, animal bites (except mosquito bites), drowning, vehicular accident (except for race, speed test, or exhibition or when insured is under the influence of alcohol or drugs)



# Malapitang Serbisyo Handog ng PAFCPIC!

**Bumisita na po tayo sa pinakamalapit na Liaison Office!**

## LUZON

**Floridablanca Liaison Office**
Unit 14, V-Walk Space Rental
#1 Romana Pangan Highway
Brgy. Fortuna, Floridablanca, Pampanga

**Tanza Liaison Office**
HHSBn, ARESCOM, Camp Riego De Dios
Tanza, Cavite

**Zambales Liaison Office**
Naval Education and Training Command
San Antonio, Zambales

**Manaoag Liaison Office**
Camp Lt. Tito Abat,
Manaoag, Pangasinan

**Sangley Point Liaison Office**
M. Gregorio cor Kasaganaan Streets
Brgy. San Antonio, Cavite City

**Villamor Air Base Liaison Office**
3rd Floor, Airmen's Mall
Villamor Air Base, Pasay City

## VISAYAS

**Dumaguete Liaison Office**
2/F FDS Building, Perdices St.
Dumaguete City

**Lapu Lapu Liaison Office**
Santiago Arcade MVP Avenue
Pajo, Lapu Lapu City

**Tacloban Liaison Office**
Brgy. 91, Maharlika Highway
Abucay, Tacloban City

## MINDANAO

**Iligan Liaison Office**
Camague Highway
Tomas Cabili, Iligan City

PAFCPIC
PHILIPPINE ARMY FINANCE CENTER PRODUCERS INTEGRATED COOPERATIVE

**Abangan ang pagbubukas ng mga bagong Liaison Office sa mga lugar na ito:**

Isabela
Fort Magsaysay
Camp General Emilio Aguinaldo
Capas
Tarlac
Samar
Jamindan
Cebu
Zamboanga
Cagayan De Oro
Pagadian
Lucena

PAFCPIC

# PANALOan 2020!

## DOBLE PANALO SA LOAN NG PAFCPIC: MABABANG INTERES NA, MAY PA-RAFFLE PA!




## GRAND DRAW PRIZES

Two (2) winners of
**Honda Brio CVT 2019**

Three (3) winners of
**LG 55-inch, Ultra HD, Smart TV**

Five (5) winners of
**Acer Aspire Laptop**

## MINOR DRAW PRIZES

Three (3) winners of
**LG 43-inch, Ultra HD, Smart TV**

Nine (9) winners of
**Oppo Phone**

Thirty (30) winners of
**P 2,000.00 worth of gift certificate**




**Promo runs from January 02, 2020 to November 10, 2020.**
**Grand Raffle Draw is on December 10, 2020.**
**See print ads for more details.**
**Actual brand or color may vary upon item's availability*

**Serving the AFP**

*since 1981*

**PAFCPIC**

Col Efren R Zaide Building
Bayani Road, Fort Bonifacio, Taguig City

www.pafcpic.ph
/pafcpic
@pafcpicofficial
(02) 8844-9010